



## Paunang Salita

**B**inubuo ng anim na kuwentong bayan sa wikang Iloko at ng salin nito sa Filipino ang koleksiyong ito.. Ang ilan sa mga ito ay iminungkahi ng taga-edit ng wikang Iloko at ang ilan ay pinili ng mga kalahok. Sumailalim sa 2-araw na writeshop ang mga kuwento noong Agosto 23-24,2016 sa Dep Ed. Regional Office sa San Fernando, La Union. Ang mga kalahok sa writeshop ay binubuo ng 17 guro sa elementarya at hayskul mula sa iba't ibang eskuwelahan sa Rehiyon, gayundin ng mga iskolar ng Graduate Diploma In Cultural Education (GDCE) ng PCEP. Binubuo ng anim na grupo ang mga kalahok. Bawat grupo ay naatasang pumili ng isang kuwentong bayan na kanilang muling isinalaysay ,isinalin pagkatapos, at ginawan ng ilustrasyon.

Sa naturang 2 araw na writeshop, ipinaliwanag sa mga kalahok ang layunin, pamamaraan, at prosesong susundin sa pagbuo ng koleksiyon. Pangunahin dito ang konsepto ng muling pagsasalaysay (retelling) ng mga piniling kuwentong bayan. Naging gabay sa muling pagsasalaysay ang (a) simpleng gamit ng wika na naaayong sa edad at kakayahang maintindihan ng mga gagamit (k-3); (b) pag-iwas sa paggamit ng mga di-kailangang mararahas na mga salita; (c) pagiging sensitibo sa kasaraan, lahi, kulay ng balat, tribo, at etnolinggwistikong grupo; (d) at aral at pagpapahalaga na maibabahagi sa mga mag-aaral na Pilipino.

Isinalin din sa Filipino ang mga muling isinalaysay na kuwentong bayan. Bawat kuwento ay nilagyan ng isang ilustrasyon ng bawat grupo. Iniharap ng bawat



grupo ang kanilang binuong kuwento sa klase kung saan inayos nila ang mga ito batay sa mga puna at mungkahi. Inedit naman at isinaayos ang anim na nabuong kuwento ng editor sa wikang Iloko na si Dr. Noemi Ulep Rosal ng Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Panghuling proseso naman ang pag-edit ng salin sa Filipino ng inyong lingkod na siya ring pangkalahatang tagapag-ugnay ng proyekto. Lubos namang nakatulong sa maayos na pagpapadaloy bago, habang, at pagkatapos ng writeshop, si Ms. Jennifer Barbaran Bautista ng PCEP. Napakahalaga naman ng papel ni Joseph "Sonny" Cristobal bilang pangkalahatang tagapag-ugnay ng proyekto.

Inaasahang tutulong ang proyektong ito bilang suporta at taguyod sa MTB-MLE o Mother Tongue-Based Multilingual Education ng Departamento ng Edukasyon. Gayundin, pagkilala rin ang proyektong ito sa kakayahan ng mga guro na makalikha ng mga materyales mula sa kanilang rehiyon. Bunga ng kanilang sama-sama at tulong-tulong na pagsasaayos at pagbuo ng mga kuwento. Ang ultimong resulta nito ay ang pagbibigay ng angkop na kaalamang tutulong sa pag-alam, pagtataguyod, at pagpapatingkad ng kultura at panitikan ng bansa.

Pamela Constantino, PhD  
Patnugot